Second Year Filipino

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Talinghaga

Likas sa mga Pilipino ang pagiging magalang. Ang katangiang ito ang siyang unang napansin ng mga dayuhang nanirahan sa ating bansa sa loob ng nakalipas na panahon. Ang pagiging magalang ng mga Pilipino ay madaling maobserbahan nang kahit sinuman. Ginagawa ito ng mga kabataang Pilipino sa sinumang taong may edad na o sa sinumang tao na nasa mataas na posisyonng pamahalaan, simbahan, paaralam at iba pang organisasyong umiiral sa lipunan.

Ang pagpapakita ng paggalang ay isinasagawa ng mga Pilipino sa ibat-ibang paraan. May nagpapakita nito sa pamamagitan ng pagmamano, may humahalik sa noo o sa kamay ng mga nakakatanda. Mayron namang yumuyuko ng bahagya sa tuwing daraan sa pagitan nang dalawang taong nag-uusap At magkaminsan naman, doon sa taong mayroong ganap na kaalaman sa wika, ay gumagamit ng mga talinghagang salita upang upang ipakita ang tanda ng kanilang paggalang o para na rin makaiwas na makasakit ng damdamin ng kanyang kapwa.

Ang **talinghaga** ay mga salita o pahayag na di-karaniwang ginagamit sa pang araw-araw na pakikipag-usap. Ang unang layon sa paggamit ng matalinghagang salita ay upang ikubli ang tunay na mensahe nang isang salita o pahayag sa mga taong di-inaasahang makarinig nito. Sa pagkukubli ng tunay na

mensahe ng talinghaga, inaasahang maiwasan ang pananakit ng damdamin ng taong siyang pinatutungkulan ng ganitong talinghaga.

Ipagpalagay nang sa isang pamilya ay nais pagsabihan ang isang nakababatang miyembro nito dahil sa kadalasang pagdedesisyon nito sa kanyang sarili na hindi isinasangguni sa kanyang mga magulang o sa nakakatandang miyembro ng kanilang pamilya. Sa halip na sabihing napakabata pa nito, na tiyak na makakasakit sa damdamin ng pagsasabihan, ay kakausapin ito at pagsasabihan na ito ay “may gatas pa sa labi”. Sa paggamit ng talinghagang “may gatas pa sa labi” ay magkakaroon ng interes na magtanong ang pinagsabihan upang alamin ang kahulugan o ibig sabihin ng salitang ipinatungkol sa kanya. Sa ganitong pagkakataon ay magkakaroon ng bukas na usapan sa pagitan ng nakatatanda at nakababatang miyembro nito. Dito na maipapaliwanag ang ibig sabihin ng talinghagang ginamit. Ang pagpapaliwanag sa kahulugan ng talinghagang ginamit ay makakatulong upang sa halip na magalit ay matuwa at matuto pa ang nakababatang miyembro ng pamilya na binibigyan ng pangaral nang nakatatanda sa kanya.

Mayroon din namang gumagamit ng talinghaga upang ipakita ang kanilang kahusayan sa paggamit ng wika. Ang karamihan sa mga taong binanggit ay yaong mga makata, manunulat, mga may kinalaman sa teatro at iba pang mga taong ang gawain at buhay ay nakasandig sa literatura. Ang kanilang paggamit ng talinghaga ay bunsod na rin nang pagnanais na ibahagi sa nakararaming Pilipino ang mayamang kalinangang nakapaloob sa ating wika. Gawin nating halimbawa ang kasabihang “ang di lumingon sa pinanggalingan, di

makararating sa paroroonan”. Sa tipikal na karanasan, hindi naman natin talagang kailangang tumingin p asa ating likuran kung nais nating puntahan ang isang lugar. Halimbawang ikaw ay tutungo sa paaralan, kailangan mo pa bang lingunin ang iyong bahay o kung san ka man manggaling upang marating mo ito? Ang kailangan lamang para marating ito ay alam mo ang direksyon ng iyong pupuntahan, alam mo kung paano pumunta rito at may kakayahan kang puntahan ito. Ngunit hindi ang literal na pagtungo sa isang lugar ang nais na ipahayag ng talinghagang nakapaloob sa kasabihang binanggit. Binibigyang-diin dito na upang ganap na maging tagumpay ang anumang balakin o mithin sa buhay ng isang tao ay kinakailangang panatilihin niya sa kanyang alaala ang mga karanasan at ang mga aral na iniiwan ng nakaraan. Isinasaalang-alang dito na maaaring makamit ng isang tao ang kanyang pangarap sa buhay kahit na ipagsawalang-bahala o kalimutan na niya ang kanyang pinagmulan – pamilya, kamag-anak, kakilala at maging ang kanyang bayang sinilangan, ngunit hindi masasabing ganap na tagumpay ang nakamit niya dahil walang sinuman sa mga nakakakilala sa kanya ang nakikibahagi at nakababahagi sa ligayang kanyang nadarama.

Ang mga halimbawang binanggit ukol sa layon ng paggamit ng talinghaga nagpapakita na ang talinghaga ay bunga ng wika. Pinatitibay rin nito ang katotohanang ang talinghaga ay nakabatay sa karanasan at kaalamang nakukuha sa lipunan bunga nang interaksyong namamagitan sa mga tao. Samakatwid, masasabi nating ang sinumang tao na gumagamit ng talinghaga sa kanyang pakikipagkomunikasyon ay maituturing na isang taong may malawak na

kaalaman sa wika at mayamang karanasan sa buhay. Ngunit maitatanong natin, saan ba natin espisipikong makukuha o mababasa ang mga talinghagang ito?

Sa mga nagnanais na makamit ang kaalamang dulot ng pagkakalam ng talinghaga, maaaring simulan ito sa pagbabasa ng mga parabula na matatagpuan sa Bibliya. Ang mga parabula sa Bibliya ay mga kuwentong iniuugnay kay Hesus, at ginagamit upang magturo ng aral para sa mga mananampalataya. Maari rin namang magbasa ng ilang mga panliteraturang akda upang makabasa ng idyomatikogn pahayag na nagbibigay-pahayag sa pag-uugali o kalagayan ng pamumuhay ng isang tao. O kaya naman ay makipag-usap tayo sa mga nakakatanda sa atin upang maibahagi sa atin ang mga kasabihan na bahagi ng kanilang kaalaman. Ang mga kasabihang ito ay maaaring magbigay-puna sa mga asal o pag-uugaling taglay natin o kaya naman ay magturo sa atin ng kagandahang-asal.

Ang paggamit ng mga talinghaga sa pagpapahayag o pakikipag-usap sa kapwa ay masasabing nagpapakita nang matayog na kahusayan sa wika. Dahil ang talinghaga ay naglalaman ng mga karaniwang salita na nagkakaroon ng ibang kahulugan o pagpapakahulugan. Maipapakita ito nang mabuti ng kasabihang “*Sa pagputi ng uwak, sa pag-itim ng tagak*”. Ito ay isang kasabihan na kilala sa ating bayan. Kung susuriin ay karaniwang mga salita naman ang ginamit sa pahayag na ito ngunit nakapaloob dito ang kahulugang “anumang bagay o pangyayari na masasabing imposible o mahirap na maganap o magkatotoo”. Paanong nangyari na ang simpleng pahayag o kasabihang “sa pagputi ng uwak, sa pag-itim ng tagak” ay mangangahulugan na anumang bagay

o pangyayari na masasabing imposible o mahirap na maganap o magkatotoo” Kung pamilyar ka sa mga ibon sa ating bansa ay mapapansin mong ang kulay ng uwak ay itim at ang tagak naman ay puti. Sa pahayag na binanggit ay pinagbaligtad ang kulay na inaasahan sa mga nasabing ibon, na masasabing imposibleng mangyari. Dahil hindi nga maaaring maganap ang nasabing pagbabaligtad ng kulay ng tagak at uwak, ginamit itong basehan upang ipahayag na kung ang isang imposibleng pangyayari ay inaasahan mong magkakatotoo o maganap ay para mo na ring hinihintay ang “pagputi ng uwak at ang pag-itim ng tagak.”

Mayron din namang nagsasaad na ang paggamit ng talinghaga ay nagpapakita ng paggalang sa kapwa at sa mga itinuturing na katanggap-tanggap at mahalaga sa ating kultura. Sa pangungusap na “*Maraming mga kamay* ang nagtulong-tulong upang maikabit ang mga banderitas”. Ang “*Maraming mga kamay” ay* isang talinghaga dahil kung literal mong tatanggapin na maraming mga kamay talaga ang nagkabit ng banderitas, baka magtakbuhan tayong lahat dahil isipin mong mga kamay lang talaga ang nagkakabit at wala ang mga taong nagmamay-ari ng mga kamay na ito. Pero sa kulturang Pilipino, ang kamay ay pinapahalagahan dahil sumasagisag ito sa pagggawa na binibigyang-dangal ng mga Pilipino. Dahil likas na matulungin ang mga Pilipino, binibigyan natin ng mataas na respeto ang mga taong nagkakaloob ng tulong sa mga nangangailangan. ay ganoon din ang pagpapahalagang ibinibigay natin sa mga taong nagkakaloob ng tulong sa mga nangangailangan tulong. Upang bigyang-diin ang mga pagpapahalaga ukol sa paggawa at sa respeto sa mga

taong matulungin sa kapwa ay ginamit ang kamay, upang bigyang-diin ang pagpapahalagang Pilipino na nakapaloob sa nasabing talinghaga.

Sa pag-aaral ng wika ay masasabi nating ang salita ay may sariling kahulugan ayon sa katuturan nito o yaong tinatawag na *literal meaning.* Ang *literal meaning* kasi ng isang salita ay yaong mga kahulugan ng salita na siyang una, tanggap ng marami at orihinal na kahulugan nito. Ngunit sa paggamit ng talinghaga ay nadadagdagan pa ang kahulugan ng isang salita dahil nadaragdag ang mga *derived o sub-literal meaning* nito. Ang *sub-literal meaning* ay yaong kahulugan ng salita na kaiba, hango sa karanasan at ginamit lamang upang ikubli ang tunay na kahulugan ng salita sa mga taong hindi inaasahang makarinig o pinatutungkulan ng talinghagang ginamit.

Sa mga gumagamit ng talinghaga sa kanilang pananalita, kinakailangang pag-isipan o suriin ang talinghagang kanilang ginagamit para maunawaan ang tunay na kahulugan ng mensaheng kanilang nais ipahayag. Maaari rin namang ituring na may malawak na kaalaman sa mga bagay-bagay sa paligid at lipunan ang taong gumagamit nito. Ang kaalaman kasi na nakukuha ng tao ukol sa kanyang paligid ay maaaring pagmulan ng talinghaga.

Bigyang-pansin ang buhay ng magsasaka sa bukid. Bago magtanim ang magsasaka, kailangan niyang linisin ang bukid sa mga damo at kogon upang hindi ito makasagabal sa kanyang pagtatanim. Upang ganap na maalis ang mga damo at kogon sa lupang kanyang sasakahin ay kailangang sunugin ang mga ito upang hindi na muling tumubo pa. Sa pagsunog niya sa mga damo at kogon ay natural na sa kanyang obserbahan ang pagningas ng damo at kogon na kanyang

sinusunog. Ano kaya ang napapansin niya sa katangian ng kogon kapag ito ay nasusunog? Mapapansin niyang mabilis na magliyab ang kogon, malakas ang apoy at labis ang init na mararamdaman habang nagliliyab ang kogon. Pero, ilang sandali lang niyang mararamdaman iyon dahil kung gaano kabilis magliyab ang kogon ay ganoon din naman kabilis ang pagkawala ng apoy nito. Upang manatiling nagliliyab ang apoy ng sinusunog na kogon ay kailangang patuloy itong lagyan ng panibagong kogon.

Ang kaalamang nakuha niya sa pag-oobserba sa nasusunog na kogon ay maaaring magbigay sa kenya ng aral na magagamit maiaaplay niya sa totoong buhay. Halimbawa na lamang ay kung nakakita siya nang isang gawaing pambayan na lubos ang suporta at pagkilos na ipinapakita ng mga tao. Pero, pagkalipas ng maikling panahon ay unti-unting nawalan ng gana o alab nang pagsuporta at pagkilos ang mga tao sa nasabing gawain. Dahil sa kawalan ng suporta ay nawala o nahinto Nang tuluyan ang nasabing gawain. Sa ganitong kalagayan ay maihahambing ng magsasaka ang kanyang naobserbahan ukol sa nasusunog na kogon. Masasabi ng magsasaka na ang gawaing naturan ay isang ningas-kogon lamang. Ang ibig sabihin, sa simula lamang maalab ang pagsuporta o pagkilos ng mga tao sa isang gawain ngunit sa katagalan ay namamatay o nawawala ang alab ng pagsuporta. an ng Nang tuluyan ang nasa Kung siya a dahil nakabatay ang talinghaga sa karanasan at kaalaman na nakuha mula sa pang araw-araw na kaganapan sa buhay ng tao.